
Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa




6 Hulyo 2025 | Ika-14 na Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon K

# PAGTATATAG NG KAHARIAN NG DIYOS



*Bago pa man pinangarap ninuman ang paglikha ng isang "Bagong Lipunan," ang Diyos ay may plano para sa pamayanang tinatampukan ng pagmamahalan, pagkakaisa, katarungan, at kapayapaan.* ***Si Hesus*** *ay siyang nagpahayag ng "Dakilang Plano" na binansagang* ***KAHARIAN NG DIYOS sa lupa,*** *at naglatag ng saligan nito sa mga hinirang niyang mga disipulo.*

*Bago siya umakyat sa langit, inatasan niya silang magpahayag at magtatag sa Kaharian sa bawat bansa at puso ng tao.*

*Ngayo'y ipinaaalaala sa atin na ang pagpapahayag at pagtatatag sa Kaharian ay ang panawagan at pananagutan di lamang ng mga pinuno kundi lahat ng mga nananampalataya kay Kristo. Ang Kahariang ipinatatatag sa atin ay dapat nating ituring bilang ating tahanan at ang ating pinakamimithi.*

## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Sa iyong templo, Poong D'yos, aming isinasaloob ang 'yong pag-ibig na lubos. Papuri ng sansinukob sa malasakit mong taos.** ***(Sal 48:9-10)***

### Pagbati

***P*** – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!

***B*** – **Amen!**

***P*** – Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

***B*** – **At sumaiyo rin!**

### Pagsisisi

***P*** – Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan, upang maging karapat-dapat sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo. *(Manahimik sandali.)*

***P*** – Panginoong Hesus, isinugo ka ng Ama upang ipahayag at itatag ang Kaharian ng Langit. Panginoon, kaawaan mo kami!

***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Panginoong Hesus, isinugo mo ang iyong mga disipulo upang maging mga tagapagbalita ng Kaharian sa lahat ng tao. Kristo, kaawaan mo kami!

***B*** – **Kristo, kaawaan mo kami!**

***P*** – Panginoong Hesus, itinatag mo ang Simbahan upang maging tanda at kasangkapan ng iyong pagliligtas sa sangkatauhan. Panginoon, kaawaan mo kami!

***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B*** – **Amen!**

### Papuri

***B*** – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

## Panalanging Pambungad

***P*–** Ama naming makapangyarihan, pakundangan sa pagpapakumbaba ng Anak mong masunurin, ibinangon mo sa pagkadapa ang sangkatauhang masuwayin. Ipagkaloob mo sa amin ang banal na kagalakan upang kaming sinagip mo sa kaalipinan ay magkamit ng iyong ligayang walang katapusan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*– Amen!**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** ***Isa 66:10-14***

*Ito ang mga panghuling taludtod ng Aklat ni Isaias na patungkol sa mga ipinatapon sa Babilonia. Pampasigla rin ito sa atin para mangarap ng magandang bukas para sa ating bayan.*

***L*–**Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Isaias

**Magalak ang lahat, magalak kayo dahil sa Jerusalem, ang lahat sa inyo na may pagmamahal, wagas ang pagtingin; kayo'y makigalak at makipagsaya, lahat kayong tumangis para sa kanya. Tatamasahin ninyo ang kasaganaan niya tulad ng sanggol sa dibdib ng kanyang ina.**

**Sabi pa ng Panginoon: "Padadalhan kita ng walang katapusang kapayapaan. Ang kayamanan ng ibang bansa ay dadaloy sa iyong tila agos ng ilog. Ang makakatulad mo'y sanggol na buong pagmama-hal na inaaruga ng kanyang ina. Aaliwin kita sa Jerusalem, tulad ng pag-aliw ng ina sa kanyang anak. Ikaw'y magagalak pag nakita mo ang lahat ng ito, ikaw ay lalakas at lulusog, sa gayon, malalaman mong akong Panginoon ang kumakalinga sa mga tumatalima sa akin."**


Ang Salita ng Diyos!
***B*– Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** ***Salmo 66***

***B*–*Sangkalupaang nilalang, galak sa Poo'y isigaw!***

*R. M. Velez*




* **Sumigaw sa galak ang mga nilalang! At purihin ang Diyos na may kagalakan; wagas na pagpuri sa kanya'y ibigay! Ito ang sabihin sa Diyos na Dakila: "Ang mga gawa mo ay kahanga-hanga."** ***B.***

* **Ang lahat sa lupa ika'y sinasamba, awit ng papuri yaong kinakanta; ang iyong pangala'y pinupuri nila. Ang ginawa ng Diyos, lapit at pagmasdan, ang kahanga-hangang ginawa sa tanan.** ***B.***

* **Naging tuyong lupa kahit yaong tubig, at ang nuno natin ay doon tumawid; kaya naman tayo'y nagalak nang labis. Siya'y naghaharing may lakas ang bisig.** ***B.***

* **Lapit at makinig, ang nagpaparangal sa Diyos, at sa inyo'y aking isasaysay ang kanyang ginawang mga kabutihan. Purihin ang Diyos! Siya'y papurihan, yamang ang daing ko'y kanyang pinakinggan, at ang pag-ibig n'ya ay aking kinamtan.** ***B.***

**Ikalawang Pagbasa** ***Ga 6:14-18***

*Kung paanong ang Krus ni Hesus ay siyang pinakamahalagang inspirasyon para kay Pablo, gayon din sana ito para sa ating lahat.*

***L*–**Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga Taga-Galacia

**Mga kapatid: Ang krus lamang ng ating Panginoong Hesukristo ang siya kong ipinagmamapuri. Sapagkat sa pamamagitan ng kanyang krus, ang sanlibuta'y patay na para sa akin at ako'y patay na para sa sanlibutan.**

**Hindi mahalaga kung tuli man o hindi ang isang tao. Ang mahalaga'y ang pagiging bagong nilalang. Sa lahat ng namumuhay ayon sa tuntuning ito, at sa mga nananatiling tapat na bayan ng Diyos, nawa'y sumakanila ang kapayapaan at pagpapala ng Diyos!**

**Kaya mula ngayon, huwag nang dagdagan ninuman ang aking tiisin. Sapat na ang mga pilat ko, para makilalang ako'y alipin ni Hesus.**

**Mga kapatid, sumainyo nawang lahat ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo. Amen!**

Ang Salita ng Diyos!
***B*– Salamat sa Diyos!**

**Aleluya** ***Co 3:15a.16a***

***B*–Aleluya! Aleluya!**
**Kapayapaan ni Kristo at Salita n'yang totoo nawa'y manahan sa inyo.**
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** ***Lu 10:1-12. 17-20***

*Isinugo ni Hesus ang kanyang pitumpu't dalawang disipulo, bukod sa Labindalawang Apostol, sa isang misyon upang ipakita niyang marapat na makilahok ang lahat ng mananampalataya sa pagpapalaganap ng Kaharian.*

***P*–** Sumainyo ang Panginoon!
***B*–At sumaiyo rin!**
***P*–**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
***B*– Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Noong panahong iyon, ang Panginoon ay humirang pa ng pitumpu't dalawa. Pinauna niya sila nang dala-dalawa sa bawat bayan at pook na patutunguhan niya. Sinabi niya sa kanila, "Sagana ang aanihin, ngunit kakaunti ang mga mangga-gawa. Idalangin ninyo sa may-ari na magpadala siya ng mga manggagawa sa kanyang bukirin.**

**Humayo kayo! Sinusugo ko kayong parang mga kordero sa gitna ng mga asong-gubat. Huwag kayong magdala ng lukbutan, supot, o panyapak. Huwag na kayong titigil sa daan upang makipagbatian kaninuman. Pagpasok ninyo sa alinmang bahay, sabihin muna ninyo, 'Maghari nawa ang kapayapaan sa bahay na ito!' Kung maibigin sa kapayapaan ang nakatira roon, sasakanila ang kapayapaan; ngunit kung hindi, hindi sila magkakamit nito. Manatili kayo sa bahay na inyong tinutuluyan; kanin ninyo at inumin ang anumang idulot sa inyo – sapagkat ang manggagawa ay may karapatang tumanggap ng kanyang upa. Huwag kayong magpapalipat-lipat ng bahay.**

**Kapag tinanggap kayo sa alinmang bayan, kanin ninyo ang anumang ihain sa inyo; pagalingin ninyo ang mga may-**

**sakit doon, at sabihin sa bayan, 'Nalalapit na ang paghahari ng Diyos sa inyo.' Ngunit sa alinmang bayang hindi tumanggap sa inyo, lumabas kayo sa mga lansangan nito at sabihin ninyo, 'Pati ang alikabok dito na dumikit sa aming mga paa ay ipinapagpag namin bilang babala sa inyo. Ngunit pakatandaan ninyong malapit na sa inyo ang paghahari ng Diyos!' Sinasabi ko sa inyo: sa Araw ng Paghuhukom ay higit na mabigat ang kaparusahan ng mga tao sa bayang yaon kaysa sa dinanas ng mga taga-Sodoma!"**

**Bumalik na tuwang-tuwa ang pitumpu't dalawa. "Panginoon," sabi nila, "kahit po ang mga demonyo ay sumusunod kapag inutusan namin, sa ngalan ninyo." Sumagot si Hesus, "Nakita ko ang pagkahulog ni Satanas mula sa langit – parang kidlat. Binigyan ko kayo ng kapangyarihang tumapak sa mga ahas at mga alakdan, at yumurak sa kapangyarihan ng kaaway. Walang makapipinsala sa inyo. Gayunman, magalak kayo, hindi dahil sa suko sa inyo ang masasamang espiritu, kundi dahil sa nakatala sa langit ang pangalan ninyo."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

*B* – **Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

### Homiliya

### Sumasampalataya

*B* – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### Panalangin ng Bayan

*P* – Higit na malawak ang larangan ng pangangaral ngayon kaysa noong panahon ni Hesus. Lalo ring malaki ang pangangailangan sa mga misyonero, pari, madre, dyakono, mga laiko, katekista, at iba pang tagapaglingkod sa Simbahan. Dumulog tayo sa Panginoon ng anihan upang manalangin:

*B* – **Panginoon, magpadala ka ng manggagawa sa iyong anihan!**

* Magkaroon nawa ang Simbahan ng maraming manggagawa para sa pagpapalaganap ng Kaharian. Manalangin tayo! ***B.***

* Magkaroon nawa ng maraming pari at madre sa mga diyosesis at parokya para sa mga pangangailangang espirituwal ng buong pamayanan. Manalangin tayo! ***B.***

* Makilala nawa ng mga laikong mananampalataya sa ating mga pamayanan ang kahalagahan ng kanilang papel sa Simbahan at sa lipunan, at tapat nila itong gampanan. Manalangin tayo! ***B.***

* Maabot nawa ng mga misyonero ang mga bansa ng milyun-milyong di-Kristiyanong naghihintay ng pagpapahayag ng Kaharian. Manalangin tayo! ***B.***

* Tugunin nawa ng kabataan ang panawagan ni Hesus para sa buhay apostoliko. Manalangin tayo! ***B.***

* Upang tayong lahat ay matutong kumilatis at kumilala ng tamang daan sa buhay at nang ating mapahindian ang anumang naglalayo sa atin kay Kristo at sa Ebanghelyo, manalangin tayo! ***B***

*P* – Panginoong Hesus, ikaw ang dakilang misyonero ng Ama. Damihan mo ang mga apostol sa iyong Simbahan. Gawin mo silang banal, pagpalain ang kanilang mga pagsisikap na maghatid ng tanglaw ng iyong Ebanghelyo sa lahat ng tao. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman.

*B* – **Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

*P* – Manalangin kayo . . .

*B* – **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

*P* – Ama naming Lumikha, ang paghahain namin sa iyong ngalan ay siya nawang sa ami'y dumalisay upang ito ay maging pagganap araw-araw ng aming paglipat sa buhay sa kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

*B* – **Amen!**

### Prepasyo VIII

*P* – Sumainyo ang Panginoon!

*B* – **At sumaiyo rin!**

*P* – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

*B* – **Itinaas na namin sa Panginoon!**

*P* – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

*B* – **Marapat na siya ay pasalamatan!**

*P* – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Ang iyong mga supling na nagtaksil ay nagbabalik ngayon sa iyong paggiliw bunga ng malasakit ng Anak mong masunurin at ng Espiritung bigay upang lahat ay kupkupin. Kaming mga tinubos ng Anak mong mahal ay niloob mong magtipon at magkapisan upang magsalo sa masaganang hapag ng buhay. Kaisa ng Anak mo at ng Espiritu Santo ang iyong sambayana'y nagpupuri sa iyo. Nagkakapisan ngayon ang bumubuo sa Katawan ni Kristo. Nagkakatipon ngayon ang pinananahanan ng iyong Espiritu.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B* – Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### Pagbubunyi

***B* – Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai't inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya'y dumating.**

## PAKIKINABANG

***B* – Ama namin . . .**
*P* – Hinihiling namin . . .
***B* – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B* – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

*P* – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B* – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Lasapin ninyo at tikman ang sarap ng pagmamahal ng Panginoong Maykapal. Malaki ang kapalaran pag s'ya'y pinagkatiwalaan.**

### Panalangin Pagkapakinabang

*P* – Ama naming mapagmahal, kaming iyong pinapakinabang ay loobin mong laging lumingon sa pinanggalingan ng tinanggap namin ngayon para pagsaluhan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* – Amen!**

## PAGWAWAKAS

*P* – Sumainyo ang Panginoon.
***B* – At sumaiyo rin!**

*P* – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak at Espiritu Santo.
***B* – Amen!**

*P* – Humayo kayo sa kapayapaan at maging mga propeta ng Panginoon sa inyong pang-araw-araw na buhay.
***B* – Salamat sa Diyos!**

Listen to
**BISPERAS SA VERITAS**
(846 kHz)
Saturdays 5:00 - 6:00 P.M.

## KALAYAAN TUNGO SA PAGLILINGKOD

*Kalakbay at Katoto*

**Mahirap kahit kailan ang napipilitan lamang**. Walang sinumang matutuwa kung ang ginagawa niya ay bunga ng pamimilit ng kapwa. Walang sinumang magagalak sa paggawa ng anumang iniatang sa kanyang balikat nang wala niyang pahintulot, ni wala siyang kaalaman, at pagsang-ayon. Ewan ko sa inyo, pero susunod kaya si Eliseo kung wala siyang paggalang at paniniwala kay Elias? Isa itong palaisipan para sa ating lahat na naglilingkod sa Diyos, sa bayan, at sa Inang Santa Iglesya.

**Ito ang binibigyang-diin ng mga pagbasa ngayon – ang pagiging disipulo, ang pagiging tagasunod, ang paglilingkod na bunga ng kalayaan at hindi sapilitan.**

Alam nating lahat kung ano ang ibinubunga ng pamimilit. Alam nating ang napipilitan ay hindi masayang naglilingkod, hindi maaasahan, hindi mapagkakatiwalaan. Kung pilit ang paglilingkod, hindi ito magtatagal. Hindi maglalaon at manghihinawa, magsasawa, at maglalaho na lamang na parang bula, pagdating ng panahon. Kahit bayaran, kung sapilitan ang ginagampanan, ay hindi rin magtatagal, hindi lalawig, at hindi makalalayo at papanawan ng pagpupunyaging maglingkod nang bukal sa kalooban.

**Mahirap ang gawain ng isang tagapaghatid ng magandang balita**. Malimit, ang kausap naming mga pari ay ang mga taong ebanghelisado na, ang mga taong hindi na kailangan makarinig sa aming mga pangaral. Ang tunay na nangangailangan ng pangaral at mabuting balita ay ang mga taong nagbibigay rin ng sakit ng ulo sa atin – ang mga pasaway, ang mga walang paggalang sa krus, ang mga taong nanlilibak sa doktrina ng Santa Iglesya, ang mga grupong

WORD AND LIFE PUBLICATIONS
**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

galit sa Misa, sa Eukaristiya, sa debosyon kay Santa Maria at sa mga banal, at ang inaakala nating pagsamba sa mga diyus-diyusan. Ito ang mga taong namumuhi sa Iglesya, hindi sapagkat ang Iglesya Katolika at tunay kamuhi-muhi, kundi sapagka't hindi nila lubos na nauunawaan at naiiintidihan ang mga pangaral ng banal na Iglesya. Galit sila hindi sapagka't masama ang Iglesya, kundi masama ang pagkakilala nila sa Iglesya. Galit sila sa larawan, hindi sa katotohanan ng kung sino at ano ang Santa Iglesya.

**Bilang pari, di miminsan akong nakatikim at nakaramdam ng pagkamuhing ito** … lalu na ngayon kung kailan ang larawan ng pagkapari ay nabahiran ng susun-susong mga karumihang nagawa ng ilan sa amin. Ang sabi ng marami, ay wala raw kaming karapatang mangaral kung kami mismo ay pinamumugaran ng mga marurumi ang budhi na nagsasamantala sa kawalang-malay ng mga kabataan.

**Walang iniwan dito ang karanasang tumambad sa Panginoon at sa kanyang mga alagad. Sa pagpasok nila sa Samaria, ay sinalubong sila ng pagtutol ng madla**. Ngaling-ngaling tawagin ng mga alagad ang kapariwaraan sa lupaing yaon, upang sila ay lipulin at puksain ng apoy.

**Subali't hindi sumang-ayon ang Panginoon … Nanatiling nakatuon ang kanilang layunin sa kanilang tungkulin, sa kanilang mithiin, sa kanilang adhikain.**

**Sa ating panahon**, ito pa rin ang adhikain ng Simbahan, sa kabila ng kawalang tiwala ng marami sa Inang Santa Iglesya. Ito pa rin ang mithiin, ang layunin at panuntunan ng Santa Iglesya, kahit na marami na ang pinanawan na ng paniniwala at pananampalataya sa kapangyarihan ng ebanghelyo upang papagpanibaguhin ang mundo, at iayon sa landas ng kaligtasan. Dito ngayon papasok ang bawa't isa sa ating lahat – ang pangangailangan ng tulad ng kabataang nagwika, "susunod ako saan ka man magpunta." Nguni't nang ilahad ni Kristo ang kabayaran sa pagsunod na ito, malamang na napag-isip ang mga mabilis pa sa agos ng rumaragasang tubig ang bibig sa pagbibitaw ng pangako. Kailangan nito ang isang matibay at matinding pagpapasya na bunga ng malalim na kalayaan. Hindi ito isang salitang itinatapon na lamang at sukat. Ito ay katagang pinanindigan, pinananagutan, at pinagyayaman at buong pusong tinutugunan.

**Ito ang kahulugan ng pagiging disipulo… mahirap, masalimuot, mapanganib, at tigib ng makamundong pangamba, at pag-aalinlangan**.

Ito ang pagiging disipulo sa panahong ito na maraming namumuhi sa aming mga pari, sa Simbahan, na hindi maipagkakailang hindi madali, mahirap, at puno ng hilahil, problema, at pagsubok.

**Ganap na kalayaan ang kailangan nito … kalayaang hindi lamang nauuwi sa pamimili sa dalawa o higit pang pagpipilian, bagkus isang kalayaang malalim na nagbubunsod sa ganap at wagas na paglilingkod – ang kalayaan sa pagbibigay ng sarili at wagas na paglilingkod**.

Ang bayaran at swelduhan ay madaling manghinawa. Ang disipulo ay parang *energizer* na baterya … patuloy ang pagsulong, patuloy ang paggawa, tigib ng kalayaan tungo sa lubusang paglilingkod.